**KAPANGYARIHAN NG PANANALANGIN: PAMAMAGITAN PARA SA IBA**

Liksyon 4 para sa ika-25 ng Hulyo, 2020

INTRO: May narinig na ba kayong reklamo, o pagdududa tungkol sa panalangin ng ibang tao? Balikan natin ang ating liksyon ngayong linggo at unawain ang kapangyarihan ng Dios at ng ating mga panalangin.

**A BAKIT KAILANGAN NATING MANALANGIN?**

- Dahil tayo ay sangkot sa isang pansanlibutang labanan. (Basahin ang Apocalipsis 12:7-9)
- Dahil kailangan natin ang supernatural na kapangyarihan. (Basahin ang Efeso 6:10-13,18)
- Kailan mo lang nadiskobre ang realidad o katunayan ng pansalibutang labanan?
- Paano napapalinaw ng pananalangin ang kalooban ng Dios upang matupad natin ito sa gitna ng malaking tunggalian?

**B KAPANGYARIHAN NG PANALANGIN SA BUHAY NI JESUS**

- Magbigay ng mga talatang nagpapakita na si Jesus ay palaging nananalangin. (Lucas 3:21,22; Lucas 5:16; Marcos 1:35)
- (Basahin ang Lucas 11:1) Ano ang nag-udyok sa mga alagad na magpaturo kay Jesus na manalangin?
- (Basahin ang Mateo 26:41) Bakit hinimok ni Jesus ang mga alagad na magbantay at manalangin?
- (Basahin ang Hebreo 7:25 at Lucas 22:31,32) Ano ang epekto sa iyo ng talatang ito?

**C KAPANGYARIHAN NG PANALANGIN SA BUHAY NI PABLO**

- Si Pablo ay palaging nananalangin para sa iba. Ano ang mga hiniling niya? Tingnan ang Efeso 1:17-23.
- Paano nagkakaroon ng kaligayahan si Pablo sa kabila ng mga pagsubok na nararanasan ng kanyang kapatiran? (Filipos 1:3-11) Nagpasalamat din siya sa paglago sa espiritwal ng kapatiran. Ipinanalangin niyang magpatuloy ang kanilang paglago sa pananampalataya.
- Ano pang mga talata na nagpapahayag si Pablo ng kahalagahan ng pananalangin? (Colosas 4:2, 1 Tesalonica 5:17)

**D PANANALANGIN NG PAMAMAGITAN.**

- Ano ang nangyari nang patuloy na nanalangin ang mga alagad para kay Pedro? (Gawa 12:1-5, 6-10, 11-17). Ano ang kanilang reaksyon nang matigil ni Pedro ang kanilang pananalangin?
- Ano ang mangyayari kung ipapanalangin natin ang iba sa pangalan ni Jesus? (1 Juan 5:14-16) tingnan din ang Juan 14:13,14.
- 1 Samuel 12:22-24. Bakit itinuturing ni propeta Samuel na kasalanan sa Dios ang hindi pananalangin ng pamamagitan?
- Kung ang panalangin ng pamamagitan ay epektibo (Santiago 5:17), ano ang nakakahadlang sa atin upang manalangin pa ng mas madalas?
- Magbigay ng karanasan kung saan ikaw ay natulungan dahil sa panalangin ng iba para sa iyo.
- Ano ang pinakamahalagang panalangin ng pamamagitan ang magagawa mo?

**E PAANO MANALANGIN?**

- Ang ating panalangin ng pamamagitan ay dapat taimtim, taus-puso, at espesipiko.
- Dapat nating ipanalangin ang mga hindi pa nakakakilala sa Panginoon (Juan 17:20), ang ikatitibay ng mga mananampalataya (Efeso 3:14-16), upang pahabain ng Dios ang Kanyang kapatawaran (1 Juan 5:16), upang ingatan ang mga nakakaranas ng kahirapan (Gawa 12:12).
- Kung ipinapanalangin natin ang iba, nagiging daluyan tayo ng pagpapala ng Dios sa kanila.

Pasya: Kaibigan, may kakayahan kang maging isang super hero. Sasamantalahin mo ba ang iyong kapangyarihan? Hihilingan mo ba ang Banal na Espiritu na hasain ang iyong kapangyarihan? Tutulungan mo ba ang iba sa pamamagitan ng iyong kapangyarihan? Bakit hindi ka magpasya ngayon na maging masiglang super hero?